

## **NATATANGING IMPORMASYON PARA SA MGA MIYEMBRO NG PAMILYA NG MGA RESIDENTENG MAY DEMENTIA**

**Papupuntahin ba sa ospital ang miyembro ng aking pamilya kahit na siya ay may Alzheimer's o demencia?**

Papupuntahin ang miyembro ng inyong pamilya sa ospital kung kinakailangan maliban kung siya ay nasa ospisyo o may mga nauunang kautusan na nagtatakda ng walang pangangalaga sa ospital.

**Maari pa bang makilahok ang miyembro ng aking pamilya sa talakayan tungkol sa paglipat sa ospital?**

Ito ay depende kung gaano kalala ang problema sa pag-alala at kung gaano kalala ang sakit ng miyembro ng inyong pamilya sa panahong iyon. Ang mga taong nasa mga unang yugto ay malamang na kaya pang ipahayag ang kanilang mga pagnanais. Ang mga taong nasa mga huling yugto ay maaaring hindi na.

**Kahit na hindi kayang ipahayag ng miyembro ng aking pamilya ang kanyang mga pagnanais, dapat ba naming sabihin sa kanya kung ano ang nangyayari?**

Oo. Ang miyembro ng inyong pamilya ay may karapatan na malaman kung ano ang nangyayari at maaaring mabalisa o matakot kung ililipat sa isang hindi kilalang lugar. Gumamit ng mga simple at direktang salita ("may sakit ka", "sa tingin ng doktor, dapat kang pumunta sa ospital"), sa mahinang boses at mahinahong paraan.

**Paano ko (bilang miyembro ng pamilya) matitiyak na ganap na makasangkot ako sa proseso ng pagpasiya?**

Maaaring kailangan ninyong kumpletuhin ang ilang mga legal na form upang gawin ito. Tanungin ang inyong medikal na tagapagkaloob o ang manggagawang panlipunan sa pasilidad para sa mas detalyadong impormasyon. Mas mainam na gawin ito bago magpahayag ang tanong tungkol sa paggagamot o paglipat sa ospital.



**FAU**  
FLORIDA ATLANTIC  
UNIVERSITY

Funding for this Decision Guide was provided by Patient-Centered Outcomes Research Initiative (PCORI) Grant #: PFA12001.11P2PI000281-01

Title: Involving Nursing Home Residents and Families in Acute Care Transfer Decisions.

Ruth M. Tappen, EdD, RN, FAAN,  
Principal Investigator

Copyright Florida Atlantic University.

<http://www.decisionguide.org>



## **PUMUNTA SA OSPITAL O MAMALAGI RITO?**

Isang Gabay sa Pagpasiya para sa Mga Pasyente at Mga Pamilya



***Alam ba ninyo na halos kalahati sa mga paglilipat sa ospital ay maaaring maiwasan?***

*Matutulungan kayo ng Gabay na ito upang maunawaan kung bakit ginagawa ang mga paglilipat na ito at kung paano kayo makasangkot sa pagpapasiyang ito.*

# PUMUNTA SA OSPITAL O MAMALAGI RITO?

## PAGBABAGO SA KONDISYON

Ang tanong kung papapuntahin kayo sa ospital ay maaaring ipahayag kung magbabago ang inyong kalusugan. Maaaring napansin ng inyong doktor, nars o katulong ang pagbabagong ito o maaaring kayo ang nag-ulat nito sa kanila.

## KUNG HINDI ITO ISANG EMERHENSIYA

Kung hindi ito isang emerhensiya, susuriin kayo ng nars at maaaring tawagan ang inyong doktor o pamilya.

**Kung kayong may anumang mga alalahanin tungkol sa pagpunta sa ospital, ngayon ang tamang panahon para maipahayag ninyo ang mga ito.**

## NASA EMERHENSIYA

Sa isang sitwasyon na may pagbabanta sa buhay, maaaring tumawag ang mga kawani sa 911 o ipadala kayo sa emergency room. Tatawagan din nila ang inyong medikal na tagapagkaloob (doktor, propesyonal na nars o katulong ng doktor) at pamilya.

## MGA DAHILAN UPANG MAS GUGUSTUHIN NA GAMUTIN DITO

Maraming mga pagsusuri at mga paggagamot ang kayang ibigay sa isang dalubhasang pasilidad o sentrong pangrehabilitasyon:

- Mga gamot at oxygen
- Mga pagsusuri sa dugo at mga X-ray
- IV (sa ugat) na mga likido sa ilang mga pasilidad
- Pangangalaga ng sugat
- Pagtingin sa inyo at pag-uulat sa inyong medikal na tagapagkaloob
- Pangangalagang pampaghinawa (pampaghinawa ng sakit, mga likido, pagpapahinga sa kama)

Maaari ninyong tanungin ang inyong nars o medikal na tagapagkaloob kung ano pa ang maaari nilang gawin para sa inyo rito.

## MGA DAHILAN UPANG MAS GUGUSTUHIN GAMUTIN SA OSPITAL

Ang mga ospital ay maaaring magbigay ng mas mahirap na uwain na mga pagsusuri at paggagamot kabilang ang:

- Pagmomonitor ng puso at mga scan sa katawan
- Maingat na pangangalaga
- Pagsasalin ng dugo
- Pag-ooopera

## BAKIT PAG-IISIPAN ITO NGAYON?

Mahirap magpasiya kung aling paggagamot ang mas gugustuhin ninyo habang nasa isang krisis.

Binibigay sa inyo ang impormasyong ito ngayon upang makagawa kayo ng isang may kaalamang pagpasiya kung napahayag ang tanong ng pagpunta sa ospital.

## MAY MGA PANGANIB DIN ANG PAGPUNTA SA OSPITAL

Ang paglipat sa ospital ay maaaring magdulot ng istres. Mas malaki ang panganib na magkaroon kayo ng mga sugat sa balat, malantad sa impeksiyon o mahulog sa isang hindi pamilyar na lugar. Malamang na dapat ninyong muling ipaliwanag ang inyong mga alalahanin sa mga bagong nars at doktor.

Maaari kayong maging mas komportable sa pamamalagi rito at sa pangangalaga ng mga kawaning kilala kayo.

### Maaari ninyong ipaalam ang inyong mga kagustuhan sa pamamagitan ng:

- Pakikipag-usap sa inyong mga nars, medikal na tagapagkaloob, manggagawang panlipunan, tagapayong espirital, mga miyembro ng pamilya o malalapit na kaibigan.
- Pagsulat ng inyong mga nais at pagsabi sa mga tao kung saan nakatago ang mga dokumentong ito.
- Pagkumpleto ng mga nauunang kautusan na mga dokumentong naglalarawan kung aling uri ng pangangalaga ang nais ninyong matanggap kung sakaling hindi na ninyo kayang makasangkot sa pagpasiya kabilang ang:
  - Kapangyarihan ng abugado para sa pangangalagang pangkalusugan
  - Kahalili sa pangangalagang pangkalusugan (pagbigay sa ibang tao ng kapangyarihang gumawa ng mga pagpasiya tungkol sa pangangalagang pangkalusugan kung hindi na ninyo kayang gawin ito)
  - Habilin ng nabubuhay (itinatakda ang inyong mga kagustuhan sa pangangalaga sa mga huling sandali ng buhay)
  - Humiling ng isang DNR (do not resuscitate) Huwag Muling Buhayin o DNH (do not hospitalize) Huwag Ipaospital na utos
  - Form para sa Mga Utos ng Doktor para sa Paggagamot na Umaalalay ng Buhay (POLST) o katulad

Maaari ninyong sabihin na ayaw ninyo ng mga partikular na paggagamot o nais ninyo ang lahat ng paggagamot na mayroon kung iyon ang inyong kagustuhan.

## PAGIGING KASANGKOT SA PAGPASIYA

May karapatan kayong malaman kung ano ang nangyayari sa inyo, kung paano ginagawa ang mga pagpasiya tungkol sa inyong pangangalaga at kung paano kayo maaaring masangkot.



## PANGANGALAGANG PAMPAGINHAWA, PANGANGALAGANG PAMPATIGHAW, OSPISYO AT MGA NAUNANG KAUTUSAN

### 1. Ano ang “pangangalagang pampaghinawa”?

Ang pangangalagang pampaghinawa o pangangalagang pampatighaw ay nakatuon sa pampaghinawa ng sakit at ng ibang sintomas tulad ng pagsusuka, pagkapagod, depresyon, pagtitibi o pagtatae, o mga problema sa paghinga na dulot na inyong sakit o ng paggamot ng inyong sakit. Ibinibigay din ang suportang pang-emosyonal at pang-espiritwal.

### 2. Ano ang pagkakaiba ng pangangalaga sa ospisyo at pangangalagang pampatighaw?

Ang pangangalaga sa ospisyo ay nilalayon para sa mga pasyenteng nasa mga huling buwan ng kanilang buhay (karaniwang 6 buwan o mas kaunti) habang ang pangangalagang pampatighaw ay maaaring magpatuloy nang maraming buwan, o kahit ilang mga taon.

### 3. Ano ang mangyayari kung may pangangalagang ospisyo ako pagpunta ko sa ospital?

Kapag pumunta kayo sa ospital, maaari na kailanganin ninyong muling maging karapat-dapat para sa ospisyo sa pagbalik ninyo rito. Kung may oras, dapat tawagan ang ospisyo bago kayo ilipat sa ospital.

### 4. Kung may mga nauunang kautusan ako, tutuparin ba ang mga pagnanais ko?

Upang tiyakin na matupad ang inyong mga pagnanais, paminsan-minsang repasuhin ang mga ito kasama ang mga kawani, inyong pamilya at medikal na tagapagkaloob.

### 5. Kapag nagpahayag na ako ng aking mga pagnanais sa mga nauunang kautusan, maaari ba na magbago ang aking isip?

Oo, maaari pa ninyong baguhin ang inyong isip at ang mga nauunang kautusan sa anumang oras sa pamamagitan ng pagsabi nito o pagsulat.